Siguraduhin ang Kahusayan sa Bawat Silid-Aralan

Pananaw

Ang silid-aralan ang buod ng ating gawain, at ang pagkakaroon ng mga guro at iba pang kawani ng pagtuturo na may kagamitan na kailangan nila ay masisiguro na ang lahat ng mga mag-aaral, sa bawat silid-aralan sa buong distrito, ay makatatanggap ng de kalidad na pagtuturo na nakatuon sa kanilang pangangailangan.

Ang ating mag-aaral ay nangangailangan ng maliwanag, kurikula na ayon sa pamantayan na pareho sa lahat ng paaralan at naghahanda sa kanila para sa mga karera at pamumuhay pagkatapos na magtapos; ang ating mga guro at kawani ng pagtuturo ay nangangailangan ng datos ng antas ng mag-aaral para matulungan sila na makilala ang mga galing at kahinaan ng mga mag-aaral; at ang ating mga paaralan ay nangangailangan ng isang sistema ng tulong, mga pamamagitan at kalayaan ng sila ay madaling makagawa ng paraan at makamit ang mga pangangailangan ng mag-aaral.

Pangunahing Bahagi

May ilang bahagi ang aming ipopokus sa taong ito.

Ilinya ang kurikula sa Matematika at Agham – Ang ating mga mag-aaral ay nakagawa ng malaking pagbabago sa pagbasa at pagsulat dahil sa isang nakatuon at pantay na paraan sa kaalaman sa pagbasa't pagsulat. Ngayon dapat natin gawin ang kaparehong pokus sa matematika at agham. Sa kasalukuyan kakaunti sa ating mag-aaral ang nagpapakita ng kakayahan sa matematika at agham. Ang pagkakaroon ng kakayahan at kaalaman sa matematika at agham ay magsisiguro na ang ating mag-aaral ay magtatapos ng may kakayahan at kaalaman na kailangan nila para magtagumpay sa ano mang piniling karera. Ang paglinya ng kurikula sa matematika at agham ay hindi lamang magpapalakas sa nilalaman sa bawat silid-aralan, ito ay magsisiguro na ang bawat aralin sa bawat grado ay magpapatuloy sa gawain ng nakaraang taon. Ang nakalinyang kurikulum ay makakatulong sa distrito na magbigay sa nakatuong tulong sa mga guro at paaralan – na may karaniwang set na dapat gawin mula sa bawat silid-aralan at bawat paaralan, ang distrito ay makapagtutuon ng mas mabuti sa ibibigay na propesyonal na pag-unlad.

Magbigay ng Datos sa Antas ng Mag-aaral – Ang ating mga guro at iba pang kawani ng pagtuturo ay laging humihingi ng mga datos ng antas ng mga mag-aaral ng matulungan na malaman ang galing at kahinaan ng mga mag-aaral at ng mabago nila ang kanilang pamamaraan sa pagtuturo ng lalong mapagsilbihan ang mga mag-aaral. Tayo ay makikipagtulungan sa mga guro at mga punong-guro na makagawa at pasimulan ang karaniwang pagtataya sa mag-aaral na magbibigay sa mga guro at kawani ng pagtuturo ng nasa panahon na puna sa pag-unlad ng mag-aaral.

Makagawa ng Balangkas sa Nagagawa ng Paaralan – Bagamat karamihan sa mga paaralan ay matagumpay na nagsisilbi sa karamihan ng mag-aaral, bawat paaralan ay may lugar para magbago. Ang Balangkas sa Nagagawa ng Paaralan ay magtuturo kung ang paaralan ay nakaayon sa hanay ng kagalingan. Ang mga paaralan ay makakatanggap ng mga tulong, pamamagitan, at antas ng kalayaan na magkakaiba ayon sa nagagawa ng paaralan. Tayo ay makikipagtulungan sa mga guro, mga punong-guro, at iba pang mahahalagang kawani na makagawa ng modelo ayon sa pangunang datos sa panahon ng 2008-2009 taon, at pasisimulan sa panahon ng 2009-2010 taon ng pasok.

Mga tanong para sa Pamayanan

- Ano pa ang gusto mong malaman?
- Ano ang hindi malinaw?
- Ano ang aming pagkukulang?
- Paano namin kayo pasasabihan tungkol o makakasali sa gawain?